



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2020-0024
Title	Governing Policies on No Co-payment/ No Balance Billing for PhilHealth Benefit Packages

Tanong	Sagot
Ano ang Co-payment Policy?	<p>Ito ang polisiya na nagsasaad ng kaukulang bayad ng isang pasyente kapag siya ay na-ospital.</p> <p>Walang kailangang bayaran ang mga miyembro na na-admit sa mga regular na ward o basic accommodation. Samantala, maaaring singilin ng kaukulang bayad ang mga miyembro na pipiling ma-admit sa isang non-ward o non-basic na accommodation.</p>
Ano ang pagkakaiba nito sa No Balance Billing (NBB) Policy?	<p>Sakop ng No Balance Billing (NBB) Policy ang sumusunod na kategorya ng mga miyembro ng PhilHealth: (a) indigent, (b) sponsored, (c) senior citizens, at (d) lifetime.</p> <p>Sa kabilang banda, ang Co-payment Policy ay nakabase sa uri ng accommodation, gaya ng basic o non-basic, alinsunod sa R.A. No. 11223 o ang Universal Health Care Act.</p> <p>Sa ilalim ng polisiyang ito, maaaring walang bayaran ang kahit sinong miyembro na naka-admit sa ward o basic na accommodation.</p>
Ano ang Co-payment?	<p>Ang co-payment ay isang uri ng pagbabahagi ng gastos sa pagitan ng PhilHealth at miyembro o benepisaryo, kung saan may kaakibat na halaga na kailangang bayaran para sa natanggap na serbisyong pangkalusugan.</p>
Ano ang basic or ward accommodation?	<p>Ito ang uri ng accommodation sa ospital na nagbibigay ng basic o pangkaraniwang gamit at pasilidad gaya ng regular na pagkain, higaan sa kwarto na may mga kasama (ward), electric fan, at palikuran na pangmaramihan.</p>
Ano ang fringe o additional na benepisyo?	<p>Ito ang mga pasilidad o gamit na nagbibigay ng kaginhawaan (comfort at convenience) alinsunod sa kagustuhan ng pasyente o ng kanyang pamilya. Kabilang dito ang pribadong kwarto, aircon, telepono, telebisyon, at pagkain na bukod sa regular na inihahanda para sa ibang pasyente.</p>

